

KALAKIP A-2: Form sa Pagsusuri ng Kalusugan para sa COVID-19 sa San Francisco para sa Hindi Tauhan

(Nobyembre 2, 2020)

Ang handout na ito para sa pagsusuri ng mga kliyente, bisita at iba pang mga hindi tauhan bago papasukin ang mga ito sa isang lugar o negosyo. **Hindi hinihikayat ng SFDPH ang sinumang tumanggap magbigay ng mga pangunahing mahalagang serbisyo (tulad ng pagkain, gamot, tirahan, o mga serbisyong panlipunan) sa mga sasagot ng “oo” sa alinmang tanong sa ibaba at hinihikayat ang mga tao na maghanap ng mga alternatibong paraan para matugunan ang mga pangangailangan ng mga kliyente na hindi nila kailangang pumasok sa lugar.** Maaaring magbigay ang mga Direktiba ng Opsiya sa Kalusugan ng mga karagdagang kinakailangan tungkol sa pagsusuri sa isang partikular na konteksto. *Ang form na ito, ang form sa pagsusuri para sa tauhan, at karagdagang gabay sa pagsusuri ay makukuha sa www.sfdcp.org/screen*

BAHAGI 1 – Mangyaring sagutan ang mga sumusunod na tanong bago pumasok sa lugar na ito.

1. Sa nakalipas na 10 araw, na-diagnose bang may COVID-19 ka o sumailalim ka ba sa isang pagsusuring nagkukumpirmang mayroon ka ng virus?
2. Sa nakalipas na 14 na araw, nagkaroon ka ba ng **“Malapitang Contact”** sa isang taong na-diagnose na may COVID-19 o sumailalim sa isang pagsusuring nagkukumpirmang mayroon siya ng virus habang nakakahawa siya[†]?
 - † “Malapitang Contact” ay nangangahulugan na nagkaroon ka ng anumang sa mga sumusunod na uri ng pakikipag-ugnayan sa taong may COVID-19 (ikaw man o ang taong may COVID-19 may suot ng mask) habang nakakahawa siya[‡]
 - Nasa 6 na talampakan sa kanya para sa kabuuang 15 minuto o mahigit pa sa loob ng 24 na oras
 - Tumira ka sa kanya o nagpalipas ka ng gabi sa kanya
 - Ang kanyang intimate na sex partner, kasama lang ang paghalik
 - Inalagaan mo siya o inalagaan ka niya
 - Nagkaroon ng direktang contact sa kanyang mga likido sa katawan o mga inilalabas (hal., inubuhan o bumahin sa iyo o nagsalo kayo ng mga kubyertos sa pagkain o pag-inom)
 - ‡ Panahon ng Nakakahawa: Ang mga taong may COVID-19 ay itinuturing nakakahawa simula 48 oras bago magsimula ang mga sintomas hanggang 1) nang 10 araw na ang lumipas simula na mag-umpisa ang kanyang mga sintomas, 2) hindi siya nagkaroon ng lagnat nang hindi bababa ng 24 na oras AT 3) bumuti ang kanyang mga sintomas. Ang taong may COVID-19 ay hindi nagkaroon ng mga sintomas, itinuturing silang nakakahawa simula 48 oras bago nakuha ang kanyang positibong pagsusuri ng COVID-19 hanggang 10 araw matapos siyang masuri.
3. Sa nakalipas na 24 na oras, kasama ngayong araw, nagkaroon ka ba sa isa o higit pang sintomas na ito na bago o hindi maipaliwanag ng isa pang kondisyon?
 - Lagnat (100.4°F/38.0°C o mas mataas), giniginaw, paulit-ulit na panginig/pangangatog
 - Ubo
 - Pananakit ng lalamunan
 - Pangangapos ng hininga, hirap sa paghinga
 - Hindi pangkaraniwang panghihina o pagkapagod*
 - Kawalan ng panlasa o pang-amoy
 - Mga pananakit ng kalamayan o katawan*
 - Sakit ng ulo
 - Tumutulong sipon o baradong ilong*
 - Pagtatae
 - Pagduruwal o pagsusuka

* Ang mga bata at kabataan na wala pang 18 taong gulang ay hindi kailangang masuri para sa mga sintomas na ito.

Kung ang sagot mo ay “OO” sa ALINMAN sa 3 tanong na ito, huwag pumasok sa lugar. Sundin ang mga nakalisting habang sa Bahagi 2 sa ibaba. Kung naghahanap ka ng mga pangunahing mahalagang serbisyo (gaya ng pagkain, gamot, tirahan, o mga serbisyong panlipunan), makipagtulungan sa organisasyon para malaman kung paano mo matatanggap ang mga serbisyong ito nang hindi pumapasok sa gusali.

BAHAGI 2

- Kung **OO** ang isinagot mo sa Tanong 1 o Tanong 2:
 - Sundin ang mga Hakbang para sa Pag-isolate/Pag-quarantine sa: www.sfdcp.org/Home-Isolation-Quarantine-Guidelines
DAPAT **MONG** sundin ang mga panuntunan na ito sa pag-isolate/pag-quarantine, gaya nang **iniutos** ng Health Directive No 2020-03c/02c.
 - Huwag umalis sa iyong bahay sa lawak na posible hanggang sabihin sa iyo ng mga Hakbang sa Pag-Isolate/Pag-Quarantine na ligtas na itong gawin!
 - Kung kailangan mo ng tulong sa mga mahalagang serbisyo tulad ng pagkain, pabahay, o iba pang pangangailangan habang nag-a-isolate o nagka-quarantine ka, tumawag sa 3-1-1.

KALAKIP A-2: Form sa Pagsusuri ng Kalusugan para sa COVID-19 sa San Francisco para sa Hindi Tauhan

(Nobyembre 2, 2020)

- Kung **OO** ang isinagot mo sa **Tanong 3**: Maaaring mayroon kang COVID-19 at para mapanatiling ligtas ang ibang tao, dapat kang mag-isolate hanggang sa malaman mo kung mayroon kang COVID-19. **Sundin ang mga hakbang na ito:**
 1. Sundin ang mga instruksyon sa: www.sfcddcp.org/Home-Isolation-Quarantine-Guidelines
 2. **MAGPASURI!** Kung mayroon kang insurance, makipag-ugnayan sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa pagsusuri sa COVID-19. Kung wala kang insurance, puwede kang mag-sign up para sa libreng pagsusuri sa CityTestSF (<https://sf.gov/citytestsfsf>).
 - Sundin ang mga instruksyon sa www.sfcddcp.org/Home-Isolation-Quarantine-Guidelines para matukoy ang mga susunod na hakbang, depende sa resulta ng iyong pagsusuri.